# PANGLINGGWISTIKANG PAGSUSURI SA BURADOR NG SANAYSAY GAMIT ANG PAGBABASA, PAGSUSURI, AT PAGWAWASTO (PPP)

Valdez, Emelita G.

Completed 2019

E - Saliksik
Department of Education
Research Portal
e-saliksik.deped.gov.ph

*E-Saliksik: the DepEd Research Portal is the official repository of education research in the Department of Education (DepEd). This research is funded by the Basic Education Research Fund.*

## I. ABSTRAK

Nakatutulong sa lahat ang pagiging isang mahusay na tagapagsalita dahil ito ang isa sa pinakamahalagang kasanayan na puwedeng matutunan at magagamit ito kahit saan at kahit kailan. Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aral ng Baitang 11- TVL-H. E- A at B sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay pagkatapos gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP). Para masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay gamit ang PPP, ang percentage, mean, ranking, at t-test ang ginamit. Batay sa resulta ng pananaliksik, napatunayan na sa Controlled group ay parehong mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya. Samantala sa Experimental group, mas mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Pangwakas na Pagtataya na katamtaman kaysa sa Paunang Pagtataya na napakababa. Kaya iminumungkahi na gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto sa pagtuturo at pagsusuri ng sanaysay at iba pang akdang pampanitikan upang higit na mahasa ang kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa linggwistika.

**Mga Susing Salita**: linggwistika, pagbabasa, pagsusuri, sintaks, morpolohiya, ortograpiya

## II. PASASALAMAT

Ang taos-pusong pasasalamat ay ipinaabot ng mananaliksik sa mga sumuporta sa pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito.

Una sa lahat, sa Poong Maykapal na Siyang pinagmulan ng lahat ng katalinuhan na kinailangan upang maging matagumpay, makatotohanan, at makabuluhan ang pag-aaral na ito.

Sa Punong-Guro ng Dili National High School na si Gng. Jovita C. Loresto sa paghihikayat upang isagawa ang pananaliksik na ito.

Sa mga guro sa Filipino tulad sa Dili National High School na si Gng. Judy A. Calanno, G. Perfecto T. Pablico Jr. ng Pagampang National High School, Bb. April B. Verdadero ng San Pedro National High School, G. Jerick T. Gonzales ng Naglaoa-an National High School, at G. Dan Vilog ng Tagudin National High School, bilang mga tagapagpatibay at sa kanilang pakikipagtulungan para matupad ang layuning matapos ang pag-aaral na ito.

Higit sa lahat sa kanyang asawa at mga anak sa kanilang malawak na pag-unawang ibahagi, pinansiyal, at moral na suporta upang matapos ang pananaliksik na ito.

**III.KONTEKSTO AT RASYONAL**

Isang kasanayan na dapat malinang sa bawat mag-aaral ang epektibong pagpapahayag ng kanyang sariling opinyon, saloobin, at ideya batay sa isang umiiral na paksa sa anyong pasulat man o pasalita. Kapag taglay niya ang kasanayang ito nahuhubog ang tiwala sa sarili sa pakikipagtalastasan.

Upang maging isang masanay na komunikatibo, may apat na komponent o sangkap na kailangang matutunan ayon kay Dayag (2016) ay Kakayahang Linggwistiko o Gramatikal, Kakayahang Pragmatik, Kakayahang Istratedyik, at Kakayahang Diskorsal. Ang kakayahang gramatikal/linggwistiko ay ang pag-unawa at paggamit sa kasanayan sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, semantika, gayundin ang mga tuntuning pang-ortograpiya. Ang komponent na ito ay magbibigay kakayahan sa taong nagsasalita upang magamit ang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa at pagpapahayag sa literal na kahulugan ng mga salita.

Ito rin ang sangkap kung saan nagbibigay-kakayahan sa nagsasalita kung paano bigkasin at iangkop ang mga salita/pangungusap na kanyang ginagamit sapagkat maaaring maging sanhi ng hindi pagkakaunawaan kapag hindi wasto at

epektibo ang paggamit ng baralila sa pagbuo ng salita, sa tamang pagbigkas, sa pagbabaybay at maging sa pagbibigay kahulugan ng salita.

Binanggit ni Lartec (2013) sa kanyang pag-aaral tungkol sa Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral sa Univesity of the Cordilleras, ang paglinang ng kakayahang pangramatika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaaral ay nakasaad sa Binagong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon. Ang mga asignaturang Filipino sa kolehiyo ay dapat lumilinang sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng mga kasanayan sa wika. Ang Filipino 1 (Komunikasyon sa Akademikong Filipino ay nakatuon sa paglinang ng diskurso; ang Filipino 2 (Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik) ay nakatuon rin sa pagtatamo ng higit na mataas na antasa ng kakayahang komunikatibo upang magamit sa tatlong masaklaw na aspekto ng pananaliksik; at ang Filipino 3 (Masining na Pagpapahayag) ay nakatuon sa paggamit ng kakayahan sa wika sa masining na pagpapahayag.

Sa kasalukuyang sitwasyon ng ating bansa, makikita at mababasa natin ang pagiging talamak sa paggamit ng mga mamamayang Pilipino sa maimpluwensiyang social media tulad ng paggamit ng mga salitang jejemon, salitang balbal, paggamit ng kataga, salita at pahayag na mali ang baybay at hindi paggamit ng tamang bantas upang paikliin ang mensaheng nais nilang ipabatid sa kanilang kinakausap na nakasanayan na hindi lamang ng mga bata pati na rin ang mga matatanda, propesyunal man o hindi. Kung kaya't sa loob na ng paaralan, marami na sa mga mag-aaral ang mahina at hindi alam ang tamang paggamit ng sa kanilang kakayahang gramatikal o panglinggwistika.

Nabanggit din sa pag-aaral ni (Bendalan, 2006), ang mga kamalian ng mga mag-aaral ang nagpapakilala ng kalagayan ng kaalaman niya sa pinag-aaralang wika kasama ang paraan ng pag-aaral niya nito. Matutuklasan ang naabot niya sa pag-aaral at ang kinakailangan pang ituro sa kanya. Sa pag-uuri ng kaniyang kamalian, nalalaman ang kaniyang suliranin sa pag-aaral ng target na wika. Ang pinakabagong paraan sa pagsusuri ng mga kamalian ng mga mag-aaral sa wika na ito ay ang pag-

alam sa Intralingual at paunlad o debelopmental na kamalian. Ang mga naturang kamalian ay nagaganap sa isang antas ng pag-aaral ng pangalawang wika. Gayundin, nagagawa ang mga kamaliang ito ng lahat ng mag-aaral ng wika sa alinmang dako at hindi maaaring idahilan ang kabiguan sa pagsasaulo, pagod, at iba pa. Bagamat hindi nga makaiiwas sa pagkakamali sa pangalawang wika, hindi rin mainam na hahayaan na lamang ang mga kamaliang ito. Kinakailangang tukuyin ang mga karaniwang kamaliang ito upang maiwasto.

Mapapansing sa pag-aaral ng wika ay may paglilipat ng tuon, mula sa kakayahang linggwistika tungo sa kakayahang komunikatibo (Hamada, 2001). Ang kakayahang gramatikal o linggwistiko ay tumutukoy sa kahusayan o kaalaman sa istruktura ng wika, kasama dito ang tunog at semantika. Tumutukoy din sa kadalubhasaan sa paggamit ng wika (Gugol, 2014). Samantala, ang kakayahang komunikatibo ay sumasakop sa mas malawak na konteksto ng lipunan at kultura. Ito'y ang wika kung paano ginagamit at hindi lang basta ang wika at mga tuntunin nito (Sta. Maria, 2009)

Kadalasan, kapag ang mananaliksik ay nagpapasulat ng mga pangungusap, mga komposisyon at mga teksto o mga akda, napapansin niyang halos kalahati o 60 porsyento sa mga mag-aaral ng Baitang 11-TVL- HE-A at HE-B ang hindi gumagamit ng wastong bantas. Gayundin, inuumpisahan nila ang kanilang pangungusap sa maliit na titik sa halip na sa malaking titik. Hindi rin buo ang salitang ginagamit, pinapaikli o kinakaltas ang ibang letra na parang nagtetext lamang kaya hindi tama ang baybay nito.

Kaya napagdesisyunan ng mananaliksik na bumuo o gumamit ng isang disenyo o paraan tulad ng Panglinggwistikang Pagsusuri sa Burador ng Sanaysay Gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP).

## IV. INOBASYON, INTERBENSIYON, AT ISTRATEHIYA

Sa pag-aaaral na ito, ang mananaliksik ay gagamit ng pamamaraang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Burador ng Sanaysay.

Ayon kina Anderson et al. (1985), sa aklat na Becoming a Nation of Readers, ang pagbasa ay isang proseso ng pagbuo ng kahulugan mula sa mga nakasulat na teksto. Ito ay isang kompleks na kasanayan na nangangailangan ng koordinasyon ng iba't iba at magkakaugnay na pinagmumulan ng impormasyon.Tiniyak nina Wixson et al. (1987) sa artikulong " New Directions in Statewide Reading Assessment" na nailathala sa pahayagang The Reading Teacher ang mga pinagmumulan ng kaalaman sa pagbasa. Sa kanilang pagpapakahulugan sa pagbasa, tinukoy nila ito bilang isang proseso ng pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng interaksiyon ng imbak o umiiral nang kaalaman ng mambabasa, impormasyong ibinibigay ng tekstong binabasa, at konteksto ng kalagayan o sitwasyon sa pagbabasa.

Ang pagsusuri ay isang proseso ng paghihimay ng isang paksa upang maging mas maliliit na mga bahagi; upang makatanggap ng isang mas mainam na pagkaunawa rito. Ang tekniko ay ginamit sa pag-aaral ng matematika at lohika bago pa man ang panahon ni Aristotle, bagaman ang analisis ay isang pormal na konsepto o diwa na halos kamakailan lamang umunlad (Hamada, 2001).

Ang pagwawasto naman ay isang paraan kung saan ang isang tagawasto ng kopya (copyreader) ay inayos mabuti ang kopya, sipi o manuskrito, bago ito ipadala sa palimbagan. Ang kopya ay maaaring isang balita, editoryal o tudling, lathalain, o isang pitak na pampanitikan (Hamada, 2001).

Isasagawa ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng guro ng burador ng sanaysay na babasahin, susuriin, at iwawasto ng mga mag-aaral batay sa kakayahang gramatika/linggwistika.

Pagkatapos mabasa, masuri at maiwasto ang mga kamalian, isusulat muli ng mga mag-aaral ang nasabing burador ng sanaysay nang tama gamit ang mga naiwastong salita, pangungusap, bantas, pantig, baybay at malaki at maliit na titik.

**V. PAGLALAHAD NG MGA SULIRANIN/ MGA KATANUNGAN SA AKSIYONG PANANALIKSIK**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa Panglinggwistikang Pagsusuri sa Burador ng Sanaysay Gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri at Pagwawasto (PPP). Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ng Baitang 11- TVL- H.E-A (Experimental group) at Baitang 11- TVLHE- B (Controlled group) sa pagsusuri sa burador ng sanaysay sa Paunang Pagtataya ( Pre-test)?
2. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ng Baitang 11- TVL-H.E-A (Experimental group) at Baitang 11-TVL HE- B (Controlled group) sa pagsusuri sa burador ng sanaysay sa Pangwakas na Pagtataya (Post-test)?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay pagkatapos gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng mga mag-aaral sa:
    a. Baitang 11-TVL-HE-A ( Experimental group)
    b. Baitang 11-TVL-HE-B ( Controlled group)?
4. Ano-anong kamalian sa kakayahang gramatika/linggwistika ang nagagawa ng mga mag-aaral ng Baitang 11-TVL- H.E-A (Experimental group) at HE-B (Controlled group) sa pagsusuri sa burador ng sanaysay sa Paunang Pagtataya at Pangwakas na Pagtataya batay sa:
    a. Morpolohiya
    b. Sintaks

c. Ortograpiya

c.1. Gamit ng mga Bantas;

c.2. Pagbabaybay;

c.3. Pantig at Palapantigan;

c.4. Paggamit ng Malaking Titik; at

c.5. Paggamit ng Maliit na Titik?

## VI. METODOLOHIYA/ MGA PAMAMARAAN SA PANANALIKSIK

### A. Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng 34 na kalahok na kung saan 17 ang mula sa Baitang 11- TVL- H.E- A at 17 kalahok naman ang mula sa Baitang 11-TVL- HE- B ng Dili National High School, Taong Panuruan-2018-2019. Isinagawa ang pagsasanay tungkol sa Pagwawasto at Pag-uulo ng Balita upang makilala ang magiging kalahok sa gagawing “Experimental Matching”. Ang mga mag-aaral na may magkaparehong iskor sa nasabing pagsasanay mula sa Baitang 11-TVL-HE- A at HE-B ang kinuha para sa Experimental Matching. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, natukoy ng mananaliksik kung sino ang nasa Controlled group at ang nasa Experimental group gamit ang “toss coin”. Sa nasabing toss coin, ang nakakuha ng tao, sila ang nasa Controlled group samantala ang nakakuha ng ibon, sila ang nasa Experimental group. Ang Baitang 11-TVL HE-A ang naging Experimental group samantalang ang Baitang 11- TVL HE-B ang naging Controlled group.

### B. Kagamitan sa Pananaliksik/Pinagmulan ng Datos

Teacher –made-test ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos na kailangan sa pag-aaral na ito. Ito ay binubuo ng apatnapung (40) aytem. Bawat aytem ay may kaukulang 3 puntos kaya ito ay may kabuuang 120 puntos. Ang nasabing pagsusulit ay ipagpatibay sa mga guro sa Filipino sa Dibisyon ng Ilocos Sur. Ang mga

gurong ito ay matagal nang nagtuturo ng asignaturang Filipino, nagtapos ang iba ng Masteral Degree sa kursong Master of Science in Education, major sa Filipino, at ang iba naman ay kasalukuyan pang nag-aaral ng kanilang Masteral Degree. Batay sa resulta sa pagpapatibay ng nilalaman sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya, ang nakompyut na average ay 4.27 na nagpapahiwatig na "Napakataas ang kabisaan." Ibig sabihin, ang instrumentong ginamit ay talagang mabisa at matibay

Isang burador ng sanaysay na hinango sa Wika at Panitikan 10 na may pamagat na "Ang Pagka-Pilipino" ni Pedrito Villegas ang babasahin, susuriin at iwawasto ng mga mag-aaral.

Ang Paunang Pagtataya ay isinagawa noong Hulyo 20, 2018, at ang Pangwakas na Pagtataya ay noong Oktubre 19, 2018. Tinalakay muna ng guro ang paksang Kakayahang Linggwistika bago ginamit ang interbensyon na Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP). Isinagawa ang PPP sa pamamagitan ng pagpapabasa muna ng guro sa nasabing sanaysay. Pagkatapos ay ipinasuri at ipinatala sa mga mag-aaral ang mga kamaliang nakita sa binasa, at saka ipanawasto ang mga kamaliang ito.

## VII .PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGTATALAKAY NG MGA DATOS

Sa kabanatang ito, inilahad at ipinakita ang mga datos at resulta ng isinagawang pag-aaral, sinuri at tinalakay.

1. *Antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nasa Controlled group at Experimental group sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Paunang Pagtataya*

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang resulta ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Paunang Pagtataya. Sa Controlled group na may bilang ng kalahok na 17 at kabuuang iskor na 469 ay may mean na 27.59. Samantala sa Experimental group

naman ay binubuo ng 17 kalahok at may kabuuang iskor na 223 ay may mean na 13.12.

Ipinapakita sa resulta sa Talahanayan 1 na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Controlled group samatala sa Experimental group ay mababa.

Ipinapahiwatig ng resulta na kulang o mababa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa linggwistika sa pagsusuri ng sanaysay.

**Talahanayan 1. Resulta ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nasa Controlled groupat Expeimental group sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Paunang Pagtataya**

| Mga Kalahok | Bilang ng Kalahok | Kabuuang Iskor | Mean | Antas ngKakayahan |
|---|---|---|---|---|
| Controlled group | 17 | 469 | 27.59 | Mababa |
| Experimental group | 17 | 223 | 13.12 | Napakababa |

2. *Antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nasa Controlled group at Experimental group sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Pangwakas na Pagtataya*

Makikita naman sa Talahanayan 2 ang resulta ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Pangwakas na Pagtataya. Sa Controlled group na may bilang ng 17 kalahok ay may kabuuang iskor na 735 at may mean na 43.24 samantala sa Experimental group na binubuo rin ng 17 kalahok ay may kabuuang iskor na 878 at may mean na 51.65.

Batay sa resulta sa Talahanayan 2 na mayroong pagbabago at pagtaas ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Experimental group sa katamtaman pagkatapos mapag-aralan ang kakayahang panglinggwistika lalong-lalo na ang paggamit sa pamamaraang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay. Samantala sa Controlled group ay walang pagbabago sa antas ng kakayahan sapagkat parehong mababa.

Ito ay nangangahulugan na epektibo ang pamaraang PPP na ginamit ng guro sa pagtuturo ng linggwistika.

**Talahanayan 2. Resulta ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nasa Controlled group at Experimental group sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Pangwakas na Pagtataya**

| Mga Kalahok | Bilang ng Kalahok | Kabuuang Iskor | Mean | Antas ng Kakayahan |
|---|---|---|---|---|
| Controlled group | 17 | 735 | 43.24 | Mababa |
| Experimental grou | 17 | 878 | 51.65 | Katamtaman |

3. *a. Makabuluhang Pagkakaiba sa Pangglingwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay pagkatapos gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Controlled group*

Ipinapakita ng Talahanayan 3.a. ang makabuluhang pagkakaiba sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Controlled group na kung saan ang mean difference sa pagitan ng Paunang Pagtataya at Pangwakas na Pagtataya ay 15.65, ang computed t-value ay 8.7799, ang degrees of freedom ay 15, ang level of significance ay 5% at may tabular value na 2.11.

Ipinapahiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba ang Paunang Pagtataya sa Pangwakas na Pagtataya batay sa computed t-value na 8.7799 na mas mataas sa tabular value na 2.11 sa 0.05 level of significance. Ibig sabihin na hindi tanggap ang walang kabuluhang haypotesis (Reject Ho) na nagsasabi na ang paggamit ng Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ay hindi mabisang paraan sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.a, 3.b, at 3.c. na may makabuluhang pagkakaiba ang Paunang Pagtataya sa Pangwakas na Pagtataya. Sa Experimental group, ginamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) at napatunayang ito ay mabisang paraan sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay batay sa pagtaas ng antas ng kakayahan nila sa pangwakas na pagtataya.

Pinapatunayan sa aklat ni Arrogante et.al (2007) sinabi ni Urquhart at Weir na ang pagbabasa ay isang proseso ng pagtanggapat pag-interpret ng mga impormasyong nakakoda sa anyo ng wika sa pamamagitan ng limbad midyum. Ganito rin ang pahayag ni Bernales (2013) na ang pagbasa ay ang pagbibigay ng interpretasyon sa mga nakalimbag na simbolo ng kaisipan. Hindi lamang kasanayang pangwika ang pagbasa kung hindil isang mahalagang Gawain din. Kung nais niyang matuto, ituturing niya ang pagbasa bilang behikulo sa pagtuklas at pagtamo ng sari-saring kaalaman.

**Talahanayan 3.a. Makabuluhang Pagkakaiba sa Pangglingwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay sa pagkatapos gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Controlled group**

| Mean | Mean Difference | Computed t-value | Degrees of Freedom | Level of Sigficance | Tabular Value |
|---|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagtataya =27.59 Pangwakas na Pagtataya =43.24 | 15.65 | 8.7799 | 16 | 5% | 2.11 |

*3.b. Makabuluhang Pagkakaiba sa Pangglingwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay pagkatapos gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Experimental group*

Makikita sa Talahanayan 3.b. ang makabuluhang pagkakaiba sa panglinggwistikang pagsusuri ng sanaysay pagkatapos gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPPP ng Experimental group na kung saan ang mean difference sa pagitan ng Paunang Pagtataya at Pangwakas na Pagtataya ay 38.53 na may computed t-value na 12.32. Ang degrees of freedom ay 16 at ang level of significance ay 5% at ang tabular value ay 2.11.

Ipinapahiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba ang Paunang Pagtataya sa Pangwakas na Pagtataya batay sa computed t-value na 12.32 na mas

mataas sa tabular value na 2.11 sa 0.05 level of significance. Ibig sabihin na hindi tanggap ang walang kabuluhang haypotesis (Reject Ho) na nagsasabi na ang paggamit ng Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ay hindi mabisang paraan sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay.

**Talahanayan 3.b. Makabuluhang Pagkakaiba sa Pangglingwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Experimental group**

| Mean | Mean Difference | Computed t-value | Degrees of Freedom | Level of Significance | Tabular Value |
|---|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagtataya =13.12<br>Pangwakas na Pagtataya =51.65 | 38.53 | 12.32 | 16 | 5% | 2.11 |

*3.c. . Makabuluhang Pagkakaiba sa Pangglingwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Experimental group at Controlled group*

Ipinapakita ng Talahanayan 3.c. ang makabuluhang pagkakaiba sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay sa Pangwakas na Pagtataya gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) ng Controlled group at Experimental group na kung saan ang mean difference ay 8.41, ang computed t-value ay 2.2286, ang degrees of freedom ay 32, ang level of significance ay 5% at may tabular value na 2.04.

**Talahanayan 3.c. Makabuluhang Pagkakaiba sa Pangglingwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto(PPP) ng Experimental group at Controlled group**

| Mean | Mean Difference | Computed t-value | Degrees of Freedom | Level of Sigficance | Tabular Value |
|---|---|---|---|---|---|
| Comtrolled =43.24<br>Experimental =51.65 | 8.41 | 2.2286 | 32 | 5% | 2.04 |

Ipinapakita sa Talahanayan 3.a, 3.b, at 3.c. na may makabuluhang pagkakaiba ang Paunang Pagtataya sa Pangwakas na Pagtataya. Sa Experimental group, ginamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) at napatunayang ito ay mabisang paraan sa panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay batay sa pagtaas ng antas ng kakayahan nila sa pangwakas na pagtataya.

Pinapatunayan sa aklat ni Arrogante et.al (2007) sinabi ni Urquhart at Weir na ang pagbabasa ay isang proseso ng pagtanggap at pag-interpret ng mga impormasyong nakakoda sa anyo ng wika sa pamamagitan ng limbad midyum. Ganito rin ang pahayag ni Bernales (2013) na ang pagbasa ay ang pagbibigay ng interpretasyon sa mga nakalimbag na simbolo ng kaisipan. Hindi lamang kasanayang pangwika ang pagbasa kung hindil isang mahalagang Gawain din. Kung nais niyang matuto, ituturing niya ang pagbasa bilang behikulo sa pagtuklas at pagtamo ng sari-saring kaalaman.

*4.a Mga Uri ng Kamalian sa Gramatika sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya ng Controlled group*

Matutunghayan sa Talahanayan 4.a sa Controlled group na nanguna sa ranggo ang Sintaks na may mean na 4.65 at may porsyentong 92.94. Pangalawa sa ranggo sa kamalian ang Ortograpiya na may mean na 4.92 at porsyentong 85.85 na kung saan nanguna ang pantig at palapantigan na may mean na 4.8 at porsyentong

96.47, pangalawa ang pagbabaybay na may mean na 4.5 at porsyentong 90.59, pangatlo ang paggamit ng maliit na titik na may mean na 4.3 at porsyentong 85.88, pang-apat ang paggamit ng bantas na may mean na 5.6 na may porsyentong 79.83, at panghuli ang paggamit ng malaking titik na may mean na 5.4 at porsyentong 76.47. Panghuli naman sa ranggo sa uri ng kamalian ang Morpolohiya na may mean na 3.88 at porsyentong 77.65.

Samantala, sa Pangwakas na Pagtataya, ipinapakita sa talahanayan na nanguna sa ranggo sa uri ng kamalian sa gramatika ang Morpolohiya na may mean na 4.0 at porsyentong 80.0. Pangalawa sa ranggo ang Ortograpiya na may mean na 4.30 at porsyentong 75.36, na kung saan nanguna ang paggamit ng maliit na titik na may mean na 4.12 at porsyentong 82.35, pangalawa ang pantig at palapantigan na may mean na 4.06 at porsyentong 81.18, pangatlo ang pagbabaybay na may mean na 3.94 at porsyentong 78.82, pang-apat ang paggamit ng malaking titik na may mean na 5.06 at porsyentong 72.27, at panghuli ang paggamit ng bantas na may mean na 4.35 at porseyntong 62.18. Panghuli naman sa ranggo sa uri ng kamalian sa linggwistika ang Sintaks na may mean na 3.65 at porsyentong 72.94.

**Talahanayan 4.a. Mga Uri ng Kamalian sa Gramatika sa pagsusuri ng burador sanaysay sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya ng Controlled group**

| Uri ng Kamalian sa Linggwistika | Paunang Pagtataya | | | Pangwakas na Pagtataya | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | Porsyento | Ranggo | Mean | Porsyento | Ranggo |
| a. Morpolohiya | 3.88 | 77.65 | 3 | 4.00 | 80.00 | 1 |
| b. Sintaks | 4.65 | 92.94 | 1 | 3.65 | 72.94 | 3 |
| c. Ortograpiya | 4.92 | 85.85 | 2 | 4.30 | 75.36 | 2 |
| c.1.Paggamit ng Bantas | 5.60 | 79.63 | 4 | 4.35 | 62.18 | 5 |
| c.2. Pagbabay-bay | 4.50 | 90.59 | 2 | 3.94 | 78.82 | 3 |
| c.3. Pantig at Palapantigan | 4.80 | 96.47 | 1 | 4.06 | 81.18 | 2 |
| c.4.Paggamit ng Malaking titik | 5.40 | 76.47 | 5 | 5.06 | 72.27 | 4 |
| c.5 Paggamit ng Maliit na | 4.30 | 85.88 | 3 | 4.12 | 82.35 | 1 |

*4.b. Mga Uri ng Kamalian sa Gramatika sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya ng Experimental group*

Ipinapakita sa Talahanayan 4.b sa Experimental group na nanguna sa uri ng kamalian sa linggwistika sa Paunang Pagtataya ang Ortograpiya na may mean na 5.6 at porsyentong 96.42. Sa bahaging ito, parehong nanguna sa ranggo ang pagbabaybay at pantig at palapantigan na may mean na 5.0 at porsyentong 100, pangatlo ang paggamit ng maliit na titik na may mean na 4.8 at porsyentong 96.47, pang-apat ang paggamit ng malaking titik na may mean na 6.7 at porsyentong 95.80, at panghuli ang paggamit ng bantas na may mean na 6.5 at porsyentong 92.44. Pangalawa naman sa ranggo sa kamalian sa linggwistika/gramatika ang Sintaks na may mean na 4.8 at porsyentong 95.29. Pangatlo sa kamalian sa gramatika ang Morpolohiya na may mean na 4.2 at porsyentong 85.53.

Sa kabilang banda, sa isinagawang Pangwakas na Pagtataya, nanguna pa rin sa uri ng kamalian ang Ortograpiya na may mean na 4.29 at porseyntong 74.45. Sa bahaging ito, nanguna ang pagbabaybay na may mean na 4.12 at porsyentong 82.35; pangalawa ang paggamit ng malaking titik na may mean na 5.53 at porsyentong 78.99; pangatlo ang paggamit ng maliit na titik na may mean na 3.88 at porsyentong 77.65; pang-apat naman ang paggamit ng bantas na may mean na 4.65 at porsyentong 66.39; at ang panghuli ay ang pantig at palapantigan na may mean na 3.29 at porsyentong 65.88.

**Talahanayan 4.b. Mga Uri ng Kamalian sa Gramatika sa pagsusuri ng burador ng sanaysay sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya ng Experimental group**

| Uri ng Kamalian sa Linggwistika | Paunang Pagtataya | | | Pangwakas na Pagtataya | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | Porsyento | Ranggo | Mean | Porsyento | Ranggo |
| a. Morpolohiya | 4.20 | 85.43 | 3 | 3.35 | 67.06 | 2.5 |
| b. Sintaks | 4.80 | 95.29 | 2 | 3.35 | 67.06 | 2.5 |
| c.Ortograpiya | 5.60 | 96.42 | 1 | 4.29 | 74.45 | 1 |
| c.1.Paggamit ng Bantas | 6.50 | 92.44 | 5 | 4.65 | 66.39 | 4 |
| c.2. Pagbabay bay | 5.00 | 100.00 | 1.5 | 4.12 | 82.35 | 1 |
| c.3. Pantig at Palapantigan | 5.00 | 100.00 | 1.5 | 3.29 | 65.88 | 5 |
| c.4.Paggamit ng Malaking titik | 6.70 | 95.80 | 4 | 5.53 | 78.99 | 2 |
| c.5 Paggamit ng Maliit na titik | 4.80 | 96.47 | 3 | 3.88 | 77.65 | 3 |

Batay sa resulta sa Talahanayan 4.a at 4.b sa pangkalahatang pagsusuri ng mga datos sa Experimental group at Controlled group, natuklasan ang mga sumusunod na uri ng kamalian sa linggwistika:

**a. Sa Morpolohiya**

Sa resulta ng pananaliksik sa bahaging Morpolohiya, naitala dito ang mga kamalian sa panlapi, at pokus ng pandiwa. Sa Paunang pagtataya sa Controlled group, nanguna sa ranggo ang sintaks na may mean na 4.65, pangalawa ang Ortograpiya na may mean na 4.92, at panghuli sa ranggo ang morpolohiya na may mean na 3.88. Samantala sa Experimental group, nanguna sa ranggo ang ortograpiya na may mean na 5.6, pangalawa ang Sintaks na may mean na 4.8, at panghuli ang Morpolohiya na may mean na 4.2. Sa pangwakas na pagtataya, sa Controlled group, nanguna ang Morpolohiya na may mean na 4.0, pangalawa ang Ortograpiya na may mean na 4.30, at panghuli naman ang Sintaks na may mean na 3.65. Samantala sa Experimental group, sa isinagawang pangwakas na pagtataya, nanguna rin ang Ortograpiya na may

mean na 4.29, at ang Morpolohiya at Sintaks ay nasa parehong ranggo na may mean na 3.35. Ipinapakita dito na magkaiba ang pagkakamaling nagawa ng mga kalahok sa Contolled group sa Experimental group.

Makikita sa ibaba ang mga kamalian sa Morpolohiya:

Kamalian sa panlapi

Kamalian: Higit na maka-Pilipino ang isang mangingisda sa laot ng dagat kaysa isang puno ng pamahalaan na pagsasamantala at nagwawaldas ng salapi ng bayan.

Pagwawasto: Higit na maka-Pilipino ang isang mangingisda sa laot ng dagat kaysa isang puno ng pamahalaan na magsasamatala at nagwawaldas ng salapi ng bayan.

Kamalian: Sa ugat natin ay magdadaloy ang mainit, wagas, at dalisay na dugo ng tunay na pagka-Pilipino.

Pagwawasto: Sa ugat natin ay dumadaloy ang mainit, wagas, at dalisay na dugo ng tunay na pagka-Pilipino.

Sa pananaliksik ni (Bendalan, 2006), nanguna sa ranggo ng kamalian ang panlapi na sumsang-ayon sa resulta pag-aaral ni (Palazo, 2003).

Kamalian sa pokus ng pandiwa

Kamalian: Lumikha tayo ng bagong kasaysayan ng ating lahi at magtitindig tayo ng isang malaking bantayog na kagalakan ng ating banal at dakilang mithi upang maging buhay na pamana sa mga susunod na salin ng lahi?

Pagwawasto: Lumikha tayo ng bagong kasaysayan ng ating lahi at nagtitindig tayo ng isang malaking bantayog na kagalakan ng ating banal at dakilang mithi upang maging buhay na pamana sa mga susunod na salin ng lahi?

Sa nasabing resulta, ipinapahiwatig nito na ang mga kalahok sa Controlled group at Experimental group ay hindi sapat ang kanilang kaalaman sa panlapi, maging sa pokus ng pandiwa.

Sa pananaliksik ni (Bendalan, 2006), nanguna sa ranggo ng kamalian ang panlapi na sumsang-ayon sa resulta pag-aaral ni (Palazo, 2003). Sa pag-aaral nina (Hamada, 2001) at (Tibagacay, 2001) na sinusugan ni Bendalan (2006) sa kanyang pag-aaral sa Panglinggwistikang Pagsusuri sa mga Talaarawan ng mga Kadete ng Philippine Military Academy, natuklasan niyang ang mga kamalian sa morpolohiya ng kanyang mga respondenteng kadete ay sa pokus ng pandiwa.

**b. Sa Sintaks**

Batay sa pagsusuring isinagawa sa Sintaks, ang kamalian ay sa pagsasaayos ng mga salita, at pantukoy na "ang". Nagpapakita na karamihan sa mga kalahok sa Controlled at Experimental group ay hindi marunong mag-ayos ng mga salita upang mabuo ang tamang pangungusap.

Nakatala sa ibaba ang ilan sa mga kamalian sa pagsasaayos ng mga salita, at paggamit ng pantukoy na "ang".

Kamalian sa pagsasaayos ng mga salita

Kamalian: Pagkamabuting mamamayan ang katumbas ang pagka-Pilipino.

Pagwawasto: Ang pagka-Pilipino ay katumbas ng pagkamabuting mamamayan.

Kamalian sa paggamit ng pantukoy na "ang"

Kamalian: Ito ang malungkot na larawan ang isang Pilipiong ay hubad sa kadakilaan at sa diwa ang pagka-Pilipino.

Pagwawasto: Ito ay malungkot na larawan ng isang Pilipinong hubad sa kadakilaan at sa diwa ng pagka-Pilipino.

Ayon kay (Bendalan, 2006) sa pag-aaral sa Panglinggwistikang Pagsusuri sa Talaarawan ng mga Kadete ng Philippine Military Academy, hindi na natin maiiwasang bigyan-pansin dahil sa banggit ng mga istrukturulista na kailangan ang kakayahang panggramatika dahil ito ay isang pangunahing bumubuo sa pakikipagtalastasan. Ipinakilala sa pag-aaral ni (Hamada, 2001) na ang taglay na kaalaman sa wika ang nagbibigay sa kanya ng kakayahang bumuo ng mga pangungusap na katanggap-tanggap sa nag-mamay-ari ng wika at ang kakayahang kumilala nang tama sa maling pangungusap. Dahil sa pahayag na ito, marapat lamang na pagtuunan ng pansin ang kamalian ng mga mag-aaral sa bahaging gramatika.

**c. Sa Ortograpiya**

Sa Ortograpiya, makikita ang kamalian ng mga mag-aaral sa Controlled group at Experimental group sa gamit ng bantas, pagbabaybay, pantig at palapantigan, gamit ng malaking titik, at maliit na titik. Nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay kulang o hindi sapat ang kaalaman sa paggamit ng wastong bantas, pagbabaybay, pantig at palapantigan, paggamit ng malaki at maliit na titik.

Ilan sa mga kamalian sa Ortograpiya ay ang mga sumusunod:

Kamalian sa gamit ng bantas

Kamalian: Nabubuhay sa biyaya ng ating mga lupain at gumagalaw na malaya sa gitna ng ating mga lipuna,t kaapisanan.

Pagwawasto: Nabubuhay sa biyaya ng ating mga lupain at gumagalaw na malaya sa gitna ng ating mga lipuna’t kaapisanan.

Kamalian: Gayunpaman/ ang pagka-Pilipino ay di dapat takalin sa karunungan at kayamanan ng isang tao.

Pagwawasto: Gayunpaman, ang pagka-Pilipino ay di dapat takalin sa karunungan at kayamanan ng isang tao.

Kamalian sa pagbabaybay

Kamalian: Siya, katulad ninyo at katulad ko rin, ay komita ng unang liwanag sa magagandang pulong ito n gating mga gat at raha.

Pagwawasto: Siya, katulad ninyo at katulad ko rin, ay kumita ng unang liwanag sa magagandang pulong ito n gating mga gat at raha.

Kamalian: Walang bangtayog na matindig sa pamamagitan ng salita at walang kristong umakyat sa kaluwalhatian nang di muna nagpakasakit at napako sa kros ng kamatayan.

Pagwawasto: Walang bangtayog na matindig sa pamamagitan ng salita at walang kristong umakyat sa kaluwalhatian nang di muna nagpakasakit at napako sa krus ng kamatayan.

Kamalian sa pantig at palapantigan

Kamalian: Dahil dito, ang tunay na pagka-Pilipino sa kasalukuyan ay lubhang mahalaga at napapa-nahon.

Pagwawasto: Dahil dito, ang tunay na pagka-Pilipino sa kasalukuyan ay lubhang mahalaga at na-pa-pa-na-hon.

Kamalian sa gamit ng malaking titik

Kamalian: Nasa karunungan at kagitingan nina rizal at Plaridel ang pagka-Pilipino.

Pagwawasto: Nasa karunungan at kagitingan nina Rizal at Plaridel ang pagka-Pilipino.

Kamalian sa gamit ng maliit na titik

Kamalian: Nasa tabak ni Bonifacio ang pagka-Pilipino na siyang lumagot sa tanikala ng pagkaalipinng nakatali sa Inang-Bayan.

Pagwawasto: Nasa tabak ni Bonifacio ang pagka-Pilipino na siyang lumagot sa tanikala ng pagkaalipinng nakatali sa inang-bayan.

Sinabi ni (Bendalan, 2006) sa kanyang pag-aaral na malala ang kamalian sa pagbabaybay dahil sa impluwensiya ng diyalektong ginagamit sa pakikipagtalastasan, hindi lamang sa kamalian sa kayarian ng pangungusap, kamalian sa gramatika kundi maging paggamit ng tamang bantas. Natuklasan ni Gabriel (1990) na sinusugan ni (Bendalan, 2006) sa kanyang Mga karaniwang Kamalian sa Sulating Pormal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon, Sangay ng Rizal na ang karaniwang pagkakamali ay sa pagsasangkap, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita, at pagbuo ng mga pangungusap dahil sa kakulangan ng aklat, bihirang pagsasanay sa mga gawaing pagsulat, kapabayaan, at walang ingat sa pagsulat. Idinagdag na isang dahilan din ang maling palagay ng mga guro't mag-aaral namadali lamang ang wikang Filipino dahil sa impluwensya ng medya na karaniwang mali ang pamamahayag.

**KONKLUSYON**

Ang panglinggwistikang pagsusuri ng sanaysay ay isang paraan upang matukoy, maiangat at mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa linggwistika o gramatika. Sa isinagawang pag-aaral, naipakita na napakababa at mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sapagkat kulang o hindi sapat ang kanilang kaalaman sa linggwistika. Kaya iminumungkahi ng mananaliksik sa mga guro na ituro

at magbigay ng pagsasanay sa Kakayahang Panglinggwistika sa mga mag-aaral at gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) upang tumaas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at naipakita sa pag-aaral na ito na tunay na epektibo ang PPP sa panglingwistikang pagsusuri ng burador ng sanaysay.

**REKOMENDASYON**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nagawang konklusyon, ang mga sumusunod ay iminumungkahi:

1. Gamitin ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP) sa pagtuturo at pagsusuri ng sanaysay at iba pang akdang pampanitikan upang higit na mahasa ang kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa linggwistika/gramatika.
2. Sa pagtuturo ng wika, pagtuunan ng pansin ang bahaging linggwistika dahil hindi lang sa pag-aaral na ito nakita kundi maging sa mga naunang pag-aaral napatunayan ang kahinaan ng mga mag-aaral.
3. Sa mga uri ng kamalian, iminumungkahi ring magkaroon ng mas malawak na pag-aaral at pang-unawa sa Morpolohiya, Sintaks, at Ortograpiya para lalo pang mapaunlad at kakayahan ng mga mag-aaral at maibaba ang antas ng kanilang kamalian.
4. Iminumungkahi rin sa mga guro na nagtuturo ng wika sa Filipino na magbigay ng mas maraming pagsasanay sa linggwistika/gramatika at hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa ng mga aklat o iba pang akdang pampanitikan upang malinang ang kanilang kasanayan sa pagsasaayos ng mga salita, paggamit ng angkop na pantukoy, paggamit ng tamang panlapi, pokus ng pandiwa, pagkakagamit ng mga wastong bantas, mga pantig at palapantigan, at pagkakagamit ng malaki at maliit na titik.

## VIII. ACTION PLAN

| Mga Gawain | Layunin | Istrate-hiya | Mga Taong Kasangkot | Petsa ng pagsasagawa | Kaga-mitan | Napagtagumpayang indikator |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.Pagbibigay ng impor - masyon sa mga guro sa Filipino | Maipalam sa mga guro ang resulta ng isinagawang Aksyong Pananaliksik upang magkaroon sila ng kaalaman tungkol sa Panglinggwistikang Pagsusuri ng burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri,at Pagwawasto (PPP) | Pagsasagawa ng LAC session sa mga guro sa Filipino | Mananaliksik, Adminsitrasyon ,Mga guro sa Filipino | Marso, 2019 | Kopya ng resulta ng Aksiyong Pananaliksik | Naipaalam sa mga guro sa Filipino ang resulta ng isinagawang Aksiyong Pananaliksik |
| 2.Pagpapayo /Pagtuturo sa kapwa guro sa Filipino | Mapayuhan/ Maturuan ang mga guro sa Filipino tungkol sa pagsasagawang Aksiyong Pananaliksik na may kaugnayan sa asignaturang Filipino | Miting ng mga guro sa Filipino/ LAC sessions | Mananaliksik, Adminsitrasyon, Mga guro sa Filipino | Hunyo-Agosto, 2020 | Kopya ng Aksi-yong Panana-liksik | Naipaalam sa mga guro sa Filipino ang resulta ng isinagawang Aksiyong Pananaliksik |
| 3.Pag-oobserba ng klase ng mga gurong nagtuturo sa Filipino | Maobserbahan ang mga guro sa Filipino sa pagpapatupad at paggamit ng panglinggwistikang pagsusuri gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri at Pagwawasto (PPP) sa mga akdang pampanitikan | Pag-oobserbang klase sa Filipino | Mananaliksik, Dalub-Guro, Ulong-Guro, Mga guro sa Filipino | Hunyo-Agosto, 2020 | Kopya ng Aksi-yong Pananaliksik, Aklat sa Linggwistika | Nagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo ang panglinggwistikang pagsusuri gamit ang Pagbabasa, Pagwawasto, at Pagsusuri ng akdang pampanitikan |

**IX.Sanggunian**


Anderson R. C., et al. (1985). *Becoming a nation of readers*. United States of America: The National Institute of Education

Bendalan, N. B. (2006, October). *Panglinggwistikang pagsusuri sa mga talaarawan ng mga kadete ng philippine military academy* (Unpublished Master's thesis), Benguet State University, La Trinidad, Benguet, Philippines.

Bernales, J. (2013). Komunikasyon sa makabagong panahon. Valenzuela city: Mutya publishing house, inc.

Dayag, E. M. (2016). *Pinagyamang Pluma 11.* Manila: Phoenix Publishing House.

Gugol, M. A., et al. (2014). *Bagong filipino tungo sa globalisasyon*. Quezon city: Vibal group, inc.

Hamada, L. (2001). *An error analysis of written compositions in four rhetorical acts by fourth class cadets* (Unpublished Master's thesis), Baguio City, Philippines.

Lartec, N .C. (2013). *Kakayahang panggramtika sa filipino ng mga mag-aaral sa university of the cordilleras* (Unpublished Master's thesis), *Tangkayob journal*, 19.

Palazo, M. (2003). *Sikolinggwistikang pagsusuri sa pagsulat ng talarawan ng mga mag-aaral sa unang taon ng benguet state university* (Unpublished Master's thesis), La Trinidad, Benguet, Philippines.

Sta. Maria, A. T. ( 2009 ). Magsanay tayo sa filipino 6. Caloocan city: Aklat eskwela publishing, inc.

Tibagacay, T. (2001). *Karaniwang kamalian sa pagsulat sa fikang Filipino ng mga kadete sa akademya militar ng pilipinas* (Unpublished Master's thesis), Benguet, Philippines.

Wixson, K. K., et al., (1987). New Directions in Statewide Reading Assessment. The Reading Teacher Vol. 40, No. 8, The State of Assessment in Reading (Apr., 1987), pp. 749-754. International Literacy Association


**X.ULAT-PINANSYAL**

| MGA GAWAIN | HALAGA |
|---|---|
| Presentasyon at Pagdedepensa sa Proposal ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pamasahe mula sa Dili, Sta. Cruz,Ilocos Sur patungo sa DepEd Rehiyon I<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Proposal ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Folders, coupon bond, fasteners | PHP 1,500.00 |

| | |
|---|---|
| Pagkuha ng permiso sa pagsasagawa sa Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng komunikasyon<br>▪ Pamasahe at pagkain (merienda)<br>▪ Coupon bond | PHP 1,500.00 |
| Pagsulat sa Proposal ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Internet connection (load)<br>▪ Pamasahe at pagkain<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Talatanungan (Questionnaires)<br>▪ Coupon bond | PHP 2,500.00 |
| Pagpapatibay sa Nilalaman ng Talatanugan<br>▪ Pamasahe mula sa Dili, Sta. Cruz, Ilocos Sur patungo sa Tagudin, National High School, at Sta. Lucia, Ilocos Sur<br>▪ Pagprinta ng mga kopya para sa pagpapatibay ng nilalaman ng talatanungan<br>▪ Coupon bond<br>▪ Pagkain (merienda at pananghalian)<br>Token para sa mga baliditors/guro | PHP 5,000.00 |
| Pagsasagawa ng Pre-test sa sa burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri at Pagwawasto (PPP)<br>▪ Pagprinta ng mga talatanungan<br>▪ Coupon bond<br>Pagkain (merienda ng mga mag-aaral) | PHP 3,000.00 |
| Pagtalakay sa paksang Kakayahang Panglinggwistika<br>▪ Pagprinta ng kopya ng mga aralin<br>▪ Coupon bond<br>Merienda ng mga mag-aaral | PHP 2,500.00 |
| Pagsasagawa sa Pangwakas na Pagtataya (Post-test)sa Panglinggwistikang pagsusuri sa burador ng sanaysay gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP)<br>▪ Pagprinta ng kopya ng mga aralin<br>▪ Coupon bond<br>Merienda ng mga mag-aaral | PHP 3,000.00 |
| Presentasyon sa Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pamasahe mula sa Dili, Sta. Cruz, Ilocos Sur patungo sa DepEd Rehiyon I<br>Folders,coupon bond, fasteners | PHP2,000.00 |
| Pagsusumite sa Pinal na Aksiyong Pananaliksik para aprobahan<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pamasahe mula sa Dili, Sta. Cruz, Ilocos Sur patungo sa DepEd Rehiyon I<br>Folders, coupon bond, fasteners | PHP 2,000.00 |
| Distribyusiyon ng Pinal na kopya ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng mga kopya<br>▪ Pamasahe<br>Pagkain | PHP 3,500.00 |
| Iba pang gastos sa pagsasagawa ng Aksiyong Pananaliksik | PHP 4,000.00 |
| KABUUAN | PHP 30,000.00 |